

Glosaryo Batay sa Ponema at Morpemang Anyo ng Salitang *Tadbaliks* na nasa Facebook

(Glossary Based on the Phonemic and Morphemic Forms of *Tadbaliks* Words on Facebook)

Ma. Luz F. Maringal

maringal.mf@pnu.edu.ph
St. Paul College-Pasig, Philippines

Adonis P. David

editorpemeajournals@gmail.com

Nina Christina L. Zamora

zamora.ncl@pnu.edu.ph

Philippine Normal University, Philippines

Abstrak Kabahagi ng wika ang nananaig na kultura ng isang lipunan. Dekada sitenta (70s) nang umiral ang mga salitang erap at nosibalasi. Sa panahon ng Henerasyon Z ay muli itong nagbalik dahil sa milenyal na salita, hugot lines at koda ng teknolohiya na naging bahagi na ng komunikasyon. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makabuo ng glosaryo ng mga salitang *tadbaliks* sa Filipino. Gamit ang debelopmental na pamamaraan, ang mga mananaliksik ay lumikom ng salitang *tadbaliks* sa Facebook na ginagamit ng mga piling mag-aaral sa hayskul. Sinuri ang anyo at binigyang kahulugan ang mga salita batay sa konteksto ng usapang naitala. Mula rito, nakabuo ng isang glosaryo ng mga *tadbaliks* sa Facebook. Pinatunayan na sa pagbuo ng glosaryo, ang pagbibigay ng kahulugan sa mga *tadbaliks* na salita ay mahalagang nakabatay sa konteksto ng social media at mga taong gumagamit nito. Iminumungkahi na gamitin bilang sanggunian ang binuong glosaryo sa pagtuturo ng aralin sa Filipino at mga kaugnay na disiplina.

Susing salita: Filipino, glosaryo, morpema, ponema, tadbaliks

Abstract Language is part of the prevailing culture of a society. It was in the seventies (70's) when words like *erap* and *nosibalasi* prevailed. In the time of Generation Z, such language made a return because of millennial words, *hugot lines* and codes of technology that have become part of communication. The main purpose of the study is to produce a glossary of *tadbaliks* (inverted words) in Filipino. Using a developmental approach, the researchers gathered *tadbaliks* words used by selected high school students in Facebook. The researchers analyzed the form and interpreted the words based on the context of the documented conversations. From this, a glossary of *tadbaliks* being used in Facebook was developed. It was proven that in the development of the glossary, it is important that the interpretation of *tadbaliks* words is based on the context of social media and the people who use it. The study recommends using the developed glossary as a reference in teaching lessons in Filipino and other related disciplines.

Keywords: *Filipino, glossary, morpheme, phoneme, tadbaliks (inverted words)*

Introduksyon

Ang pag-imbento ng salita ay trabaho ng lahat. Sinasabing penomenal ito dahil sumusunod sa panahon. Ayon kay Almario (2018), kailangang magtiyaga na tuklasin ang ugat ng isang likhang salita, at posibleng masipat ang pagiging komplikado ng pinagmulan nito. Isa ang pag-aaral ni Stockwell (2019) na tumalakay sa mga umuusbong na pagbabago sa wika lalo na sa Tagalog. Sinuri niya ang pagbabago sa pamamagitan ng *Optimality Theory* ng *tadbaliks* sa Tagalog. Ang *tadbaliks* ay maihalintulad sa salitang balbal. Ang pamamaraan ng

pagbaliktad ng mga salita ay nag-umpisa noong panahon ng *19th Century Philippine Revolution* at maaring nauso muli sa kasalukuyan dahil sa *social media* (Nodalo, 2017).

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang glosaryo ng *tadbaliks* sa Filipino na ginagamit sa Facebook. Ang mga ispesipikong layunin ng pag-aaral ay: (1) malikom ang mga *tadbaliks* na salita na ginagamit ng mga piling mag-aaral sa Facebook; (2) makategorya ang anyo ng mga salita batay sa ponema at morpemang anyo; at (3) masuri ang etimolohiya ng mga salita batay sa konteksto nito. Ang kasalukuyang pag-aaral ay nagbigay ng kabatiran sa pinagmulan ng mga salita na ginamit sa *social media*, na hindi pa nagawa ng mga pag-aaral nina Garcia (1939), Conklin (1956), at Stockwell (2019). Kailangang suriin ang mga modernong salita na ito na nagpapakita ng bagong pamamaraan ng pakikipagkomunikasyon. Ang pagsagot sa mga layuning nabanggit ay magiging daan upang patuloy na matamo ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Ipapakita ng pag-aaral na maaaring gamitin ang wikang Filipino sa larangan ng teknolohiya anoman ang anyo nito.

Ang Ponema at Morpema ng Wikang Filipino

Ang ponolohiya ay makaagham na pag-aaral ng makahulugang tunog na tinatawag na ponema. Ang ponemang *segmental* ay ang tunog na may katumbas na letra upang mabasa at mabigkas. Ayon kina Ladefoged at Johnson (2011), ang mga patinig at katinig ay bahagi ng isang *segment*. Ang pagkakaroon ng prominenteng tunog sa isang salita ay nababatay sa pantig nito.

Samantala, ang morpolohiya ay nakatuon sa makaagham na pag-aaral ng mga morpema (Santiago & Tiangco, 2003). Ang morpema ay ang pinakamaliit na yunit ng isang salita na nagtataglay ng kahulugan. Maraming morpema sa Filipino ay mula sa Tagalog at sa mga wika sa

Pilipinas ngunit marami rin ay nanggaling sa wikang Kastila at Ingles bilang hiram na salita. Ayon kay Zorc (1990), ang panghihiram sa Kastila ay pangkaraniwan dahil sa tagal ng panahon na umiral sa bansa ang Espanya. Isa rin ang Ingles sa hinihiraman ng wikang Filipino.

Ang Laro ng wika

Ang *tadbaliks* bilang laro ng wika ay naglilipat ng huling pantig sa unang bahagi ng salita. Ginamit ni Stockwell (2019) ang Optimality Theory upang maipakita na ang *tadbaliks* ng Tagalog ay tapat sa orihinal na ugat nito. Ayon sa kanya, nagkakaroon ng pagbabago kung may panlaping taglay ang salita. Isa ito sa mga katangian ng *tadbaliks* na tinukoy sa pag-aaral. Pinatunayan ng pag-aaral na ang *ID-root* ang pinakapuso ng *tadbaliks* dahil dito masasalamin ang “*the emergence of the faithful*.” May mga kaso ng *tadbaliks* na hindi lamang naglilipat ng pantig kundi nagkakaroon din ng pagdaragdag ng ponema.

Isa sa mga naunang pag-aaral sa ganitong anyo ng wika ay ginawa ni Conklin (1956). Tinawag niya itong laro ng wika at ginamit niya ang terminong *speech disguise* upang ilarawan ang pagbabaligtad ng huling pantig patungo sa unahang bahagi ng salita. Batay sa kanyang pag-aaral, ang salitang nilapian ay kadalasang pinapanatili ang huling pantig ng ugat at ito ay inililipat sa unang bahagi ng salita upang masabing ang salita ay binaligtad. Ang pananatili ng ugat sa orihinal nito ay iniugnay nila sa teorya ng optimalidad (*optimality analysis*) ng katinig. Ang analisis ay maibabata sa konklusyon ng pag-aaral na: (1) ang bilang ng pantig na nagaganap sa pagbabaligtad ng salita ay kadalasang mayroong dalawa o higit pang pantig, (2) ang pormulasyon ng pantig na KP (katinig – patinig) sa huling bahagi ng salita ay madalas na makita sa *tadbaliks*, at (3) ang posisyon ng diin sa salita sa Tagalog ay kalimitang nasa huling pantig ng salita. Mula dito, mahihinuhang ang mga *tadbaliks* ay may iba’t ibang pamamaraan ng pagsasagawa

nito: *paglilipat (rearrangement)* at *paglalapi (affixation)*. Hindi rin maisantabi ang ambag ni Garcia (1934) sa kanyang pag-aaral ukol sa pagiging orihinal ng katinig sa salita sa paglalaro ng wika sa Tagalog. Ang paglalaro ng wika sa Tagalog ay ang paglilipat ng huling pantig sa unahang bahagi nito. Halos magkapareho ang kinalabasan ng pag-aaral nina Garcia at Conklin.

Samantala, sa pag-aaral ni Fernandez (2018) ipinakita niyang ang mga salitang *taboo* ay nakalilikha ng bagong wika. Binigyan niya ng pansin sa kanyang pag-aaral ang mga bokabolaryong ginagamit sa mga salitang maselan. Gumagamit ng metapora ang tao upang ipahayag ang usapin sa seks at seksuwalidad. Sinabi naman ni Kramer at Vogt (2018) na ang mga “*secret languages*” at “*language games*” ay mga salitang binubuo ng paglalapi, pagpapalit, paglilipat at pag-uulit ng mga ponema. Ito ang nagiging dahilan upang lubos na maunawaan ang mga penomenang nangyayari sa isang wika. Sa paniniwala naman ni Hoang Dang (2013), ang pag-aaral ng wika ay kailangang iugnay sa kasarian, katayuan sa lipunan, edad, etnikong kinabibilangan at iba pa na nakakaimpluwensiya sa wika. Sa ganitong sitwasyon, nagkaroon ng *tadbaliks* sa Filipino dahil sa gumagamit ng wika batay sa edad, kasarian at kinabibilangang pangkat gayundin ang impluwensiya ng dayuhang wika.

Sa pag-aaral nina Gime at Macascas (2020) naging bahagi ng kanilang pagtalakay ang *tadbaliks* bilang wika ng Henerasyong Z. Binalikan nila ang mga *pen name* ng mga manunulat at ang wika ng tinedyer noong 1970s. Ang pag-aaral na ito ay halos may hawig sa kasalukuyang pag-aaral dahil ito ay may kinalaman sa anyo ng mga salitang *slang* at binigyan nila ng pagsusuri ang mga korpus na kanilang nalikom upang maunawaan ang mga ito. Ang kaibahan ng kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon lamang sa mga *tadbaliks* ang kasalukuyang pag-aaral at hindi sa lahat ng mga *slang* na salita sa Pilipinas. Isa pang pinagkaiba ay

ang pagbuo ng glosaryo upang maisadokumento ang mga salitang *tadbaliks*.

Ang Leksikograpiya at Wika

Ayon kay Hartmann (2001), may tatlong pangunahing sangguniang leksikograpikal: ang diskyunaryo, tesauro at ang ensayklopedya. Ayon sa *Dictionary of Lexicography*, ang diksyunaryo ang pinakakaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro at mikrostruktura. Sa simpleng pagpapahayag, ang makrostruktura ay tumutukoy sa panimula at iba pang preliminaryong bahagi ng diksyunaryo, mga salitang lahok o entri at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok. Samantala ang mikrostruktura naman ay tumutukoy sa deskripsyon o depinisyon ng mga salitang lahok. Ang glosaryo ay talaan naman ng mga termino na may kahulugan at iniayos ng paalpabeto. Ito ay tumutukoy bilang bokabularyo ng tiyak na “domeyn ng karunungan”. Isang halimbawa ay ang pag-aaral ni Cantillo (2013) na naglayong makabuo ng isang glosaryo sa larangan ng isports.




Figura 1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral.

Ipinakikita sa Figura 1 ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral na nagbibigay tuon sa mga *tadbaliks* bilang mga slang sa Filipino na ayon kina Kramer at Vogt (2018) ay maituturing na laro ng wika sa isang tiyak na komunidad. Ginamit din ng mga mananaliksik ang *Optimal Theory* ni McCarthy (2003; 2007) na kadalasang masasalamain sa ponolohiya at sintaksis na nagiging dahilan upang magkaroon ng implikasyon sa kahulugan, baryasyon at pagbabago ng wika. Ipinalalagay ng teoryang ito na ang lahat ng wika ay may ganitong pangyayari kung kaya't sinasabing ito ay bahagi ng *generative at universal grammar* at ang mga ito ay maituturing na “*violable constraints*.” Gamit ang lente ng linggwistika ay binigyang pansin ang mga patinig at katinig bilang bahagi ng isang segment ng wika na ponema (Ladefoged & Johnson, 2011), at ang morpolohiya na nakatuon sa morpema ng wika (Santiago & Tiangco, 2003). Ginamit din na lente ang panig ng mga sosyolinggwistika na kung saan sinasabing nagaganap ang pagbabago sa wika dahil sa impluwensya ng pagkakaroon ng kontak ng dalawang magkaibang wika at ang pangangailangang panlipunan (Destefano, 1971). Binigyan din ng pansin ni Hoang Dang (2013) na masasalamain sa pag-aaral ng wika ang kasarian, katayuan sa lipunan, edad, etnikong kinabibilangan at iba pa kaya nagkaron ng pagbabago rito.

Ang pagbuo ng glosaryo ay ginabayan ng mga konsepto sa leksikograpiya ni Hartmann (2001) na naniniwalang ang leksikograpiya ay isang gawaing pedagohikal. Tinatanaw niya ang leksikograpiya at ang sangguniang leksikograpikal bilang mga mahahalagang kagamitan sa pagtuturo. Mula sa mga ponetiko at morponemikong pagsusuri ng mga *tadbaliks* ay nakabuo ang mga mananaliksik ng isang glosaryo na ang tuon ay mga salitang *tadbaliks*. Naging batayan ng glosaryo ang mismong komunidad na pinaghanguan ng *tadbaliks* - ang *social media* na nagsilbing mikrokosmo ng paglalaro ng wika. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang mga *tadbaliks* sa *social media*

ay bahagi pa rin ng pagyabong ng wikang Filipino. Ang glosaryong mabubuo na galing sa Facebook na maituturing na isang plataporma ng makabagong teknolohiya ay isang maliit ngunit mahalagang ambag ng pag-aaral na ito. Hindi lamang inaabot ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa larangan ng teknolohiya kundi isinadokumento nito ang pagyabong ng wika sa tiyak na panahon.

Metodolohiya

Disenyo at Konteksto ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng debelopmental na pamamaraan ng pananaliksik dahil ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makabuo ng isang glosaryo ng mga salitang *tadbaliks*. Ang debelopmental na pananaliksik ay nagbibigay tuon sa progresibong pagbabago ng paksang pinag-aralan. Ang kasalukuyang pag-aaral ay nagbigay ng tuon sa pagbabago ng wika tulad ng *tadbaliks*. Nabatid ng mga mananaliksik ang dahilan ng pagkakaroon ng pagbabagong ito sa pamamagitan ng pagsuri sa istruktura ng mga *tadbaliks*.

Mga Kalahok at *Sampling* ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay limampung (50) mag-aaral na galing sa dalawang seksyon ng ikawalong baitang sa isang pampublikong paaralan sa hayskul. Pinili ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng *convenience sampling* upang makakuha ng datos. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay may gulang na 14 pataas at pinahihintulutan na maging bahagi ng komunidad ng Facebook batay sa tuntunin ng Facebook na maaari nang magkaroon ng *account* ang mga nasa edad 13 pataas. Isinaalang-alang ang mga mag-aaral na pumayag na maidokumento ang kanilang mga paskil sa pader ng Facebook sa tatlong buwan na itinakda ng mga mananaliksik (Enero hanggang Marso ng taong 2018).

Humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa kanila at tiniyak na hindi ihahayag ang kanilang mga pangalan bilang pagsunod sa etikal na isyu gayundin ang kabuoan ng kanilang mga paskil.

Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Nangalap ng datos ang isa sa tatlong mananaliksik gamit ang obserbasyon at pagtatala ng mga salitang *tadbaliks*. Sa pangangalap ng mga datos, naitala ng mananaliksik ang mga korpus ng *tadbaliks* mula sa Facebook ng mga kalahok sa pag-aaral. Pinahintulutan ng mga kalahok ang mga mananaliksik hinggil dito at sila ay may kamalayan na ang kanilang pader ay makikita ng mga mananaliksik sa itinakdang panahon na nabanggit sa kanila. Naging mahigpit din ang pag-iingat ng datos at siniguro ng mga mananaliksik na ang konteksto at ang mga korpus lamang ng *tadbaliks* ang ihahayag sa mismong pag-aaral at hindi ang kanilang mga pangalan, mga taong kausap at ang kabuoan ng usapan o paskil.

Mga Hakbang ng Pagkalap at Pagsuri ng Datos

Kinalap at naitala ng isa sa tatlong mananaliksik ang mga salitang *tadbaliks* na ginagamit ng mga kalahok sa Facebook. Sinuri ang mga salitang binaliktad sa dalawang pagkakataon: ang una ay pinabalideyt ng mananaliksik ang mga salita sa limang (5) guro na nagtuturo ng Filipino upang matiyak na ito ay kabilang sa *tadbaliks*, at ang ikalawa ay ang balidasyon ng dalawang mananaliksik na hindi kabilang sa pangangalap ng korpus. Tiniyak ng mga mananaliksik na kabilang ang mga nakalap na salita sa korpus ng *tadbaliks*. Sa pagsusuri ng datos, tinukoy kung nasa anyong ponetiko o morponemiko ang pagkakabaliktad ng mga salita at binigyan ng kahulugan ang salita batay sa konteksto. Mula rito, ang glosaryo ng *tadbaliks* ay naidisenyo. Ginamit ng mga mananaliksik ang apat na pamamaraan ng pagbuo ng glosaryo batay kay

Hartmann (2001):

1. **Nangalap ng mga salita (material)** - Nilikom at nagtala ng mga salitang *tadbaliks* mula sa mga paskil ng Facebook account ng mga kalahok.
2. **Namili ng mga salitang lahoc (entries)**- Sinuri at pinangkat ng mga mananaliksik ang mga salitang lahoc kung ito ay nasa anyong ponetiko at morponemiko.
3. **Binuo ang depinisyon at deskripsiyon ng mga salitang lahoc**- Dito ay ibinatay ng mga mananaliksik ang depinisyon sa konteksto ng usapan at sitwasyong pinaghanguan ng mga salita.
4. **Nag-ayos ng mga lahoc**- Inayos ng mga mananaliksik ang mga lahoc na salita sa pamamagitan ng tipikal na pagkaakasunod-sunod ng alpabeto ngunit makikita ang dalawang pangkat ng mga salita batay sa dalawang anyo ng pagsusuri nito- ang ponetiko at morponemikong anyo. Nakasaad din ang kahulugan, pinagmulang salita (orihinal), ang konteksto ng salita sa Facebook, at ang halimbawang pangungusap.

Paglalahad at Pagsusuri ng Kinalabasan

Mula sa mga datos na nakakalap ng mga mananaliksik sa Facebook ng mga kalahok ay naitala ang pitumpung (70) *tadbaliks* na salita. Batay sa mga naitalang *tadbaliks* na salita, kinategorya ang mga salita batay sa dalawang anyo: (a) ponema at (b) morpema.

Tadbaliks sa Anyong Ponema

Makikita sa talahanayan bilang 1 na ang mga salitang *tadbaliks* ay nagkaroon ng pagdaragdag ng isang ponema.

Kadalasang dinaragdagan ng ponemang /s/ ang salitang *tadbaliks* bilang bahagi ng pagtatago sa orihinal na anyo ng salita nito. Ang pagbabagong ito ng orihinal na anyo ng wika ay may kaugnayan sa pisikal, sosyal, mental, at kapaligirang pagbabago.

Talahanayan Bilang 1.

Tadbaliks sa Anyong Ponema: Pagdaragdag ng Ponemang /s/

| <i>Tadbaliks</i> | <i>Pinagmulang-Salita/ Orihinal na Salita</i> |
|------------------|---|
| alaws | Wala |
| amats | Tama |
| olats | Talo |
| orbs | Bro |
| erps | Pre |

Ayon kay Destefano (1971), may tatlong dahilan ang pagbabago ng wika, una, impluwesya ng dayuhan; ikalawa, ang pangangailangang panlipunan; at ang ikatlo ay ang pagkakaroon ng kontak ng dalawang magkaibang wika. Sa paniniwala naman ni Hoang Dang (2013), sa sosyolinggwistika ay masasalamain ang pag-aaral ng wika kaugnay ng kasarian, katayuan sa lipunan, edad, etnikong kinabibilangan at iba pa. Sa ganitong sitwasyon, masasabi na nagkaroon ng *tadbaliks* sa Filipino dahil sa impluwensiya ng dayuhang wika tulad ng Ingles. Masasabing impluwensiya ito ng matagal na kontak sa isa't isa. Naging palasak ang paglalagay ng ponemang /s/ sa isang salita na maiuugnay sa *plural form* sa Ingles (halimbawa *eats*, *wants* at iba pa) na naging bahagi na ng bokabolaryo ng mga Pilipino. Mayroon ding pangangailangan panlipunan, o maihahambing ito sa “*fad*” o mga nauuso sa panahon. Katulad na lamang ng panahon na ang ponemang /g/ at /h/ ay naging uso na ikinakabit sa salita noong dekada sitenta (70’s) tulad ng mga

salita na *swardspeak* o tinatawag nila noon na *g-words*. Ang “h” ay idinaragdag sa mga pangalan ng mga Pilipino tulad ng Dina naging Dinah na patok sa mga kabataan noon bilang pampaarte o dekorasyon sa kanilang pangalan.

Ang pagdaragdag ng ponemang /s/ pagkatapos ng salitang tadbaliks tulad nang makikita sa mga salitang /wala/ = /alaw/ = /alaws/ at /pre= /erp/ = /erps/ ay maituturing na nasa anyong ponemang katinig. Makikitang ang mga dinaragdag na ponema sa ganitong anyo ng tadbaliks ay kadalasang katinig tulad ng /s/ /h/ at /g/. Isa sa mga dahilan kung bakit madalas na katinig ang ikinakabit at dinaragdag sa tadbaliks na salita ay mas nakapupukaw ito ng pansin bilang dekorasyon o pampaarte ng mga salita sa Filipino. Masasabi ring katinig ang madalas na ikabit dahil ang mga salita sa Filipino ay palagiang nagtatapos sa patinig.

Samakatuwid, ang *tadbaliks* ay maaaring magkaroon ng pagbabago sa orihinal kung may pagdaragdag ng ponema at pagkakaroon ng pagbabagong morpoponemiko (Stockwell, 2019). Makikita rin sa mga *tadbaliks* na ito ang mga kambal katinig na naging natural na dahil bahagi na ng palatunugang Filipino na tinatawag ngayon na klaster.

Talahanayan Bilang 2.

Tadbaliks sa Anyong Ponema: Salitang Binubuo ng Dalawang Pantig na Ginagamitan ng Gitling

| <i>Tadbaliks</i> | <i>Pinagmulang-Salita/ Orihinal na Salita</i> |
|------------------|---|
| lak-a | Alak |
| lat-a | Alat |

Makikita sa talahanayan Bilang 2 na mayroong dalawang salitang *tadbaliks* na ginagamit sa Facebook, ito ang / lak-a / at / lat – a/. Ang mga salitang ito ay nagtatapos sa ponemang /a/ at may bantas na gitling (-) na kung bibigyan

pansin ang pagbigkas ng mga salitang ito ay may paghinto na pasara o *glottal stop* / ‘ / na sa orihinal ay wala. Mapapansing ang *tadbaliks* na *lak-a* na galing sa alak ay hindi pa dapat maging bahagi ng usapan ng mga nasa baitang 8 ngunit kung susuriin ang gamit ng salita sa konteksto ng pag-uusap, ito ay pag-ayaw sa amoy ng alak na maituturing na magandang indikasyon para sa kanilang edad na sumasalamin sa pagiging responsable sa mga bagay na hindi pa angkop para sa kanila.

Masasabing nabuo ang sumusunod na *tadbaliks* na salita dahil sa katangiang pinagsasaluhan ng isang bayan. Ang elemento nito ay bunga ng sama-samang katangian ng isang multikultural at multilinguwal na bansa. Lumitaw sa *tadbaliks* ang ugnayan ng mga etnolingwistikong pangkat tulad ng mga nasa Norte (partikular ang mga salitang Kankanai na kakikitaan ng mga gitling sa kanilang mga salita maging sa kanilang mga apelyido) at ng mga nasa Maynila na gumagamit ng salita. Ito ang pinatunayan nina Ladefoged at Johnson (2011), na ang mga patinig at katinig ay bahagi ng isang segment ngunit may mga suprasegmental na kumakatawan sa mga bantas at mga glotal na tunog para sa pasalitang anyo ng wika. Ang mga elementong ito ay hindi kinakatawan ng mga titik at ito ay bahagi ng diin, haba at paghinto sa isang wika. Malaki ang epekto ng suprasegemental sa isang ponema, pantig at maging sa isang sintaks. Nagkakaroon ng iba-ibang paraan ng pagbigkas depende sa lugar na pinaggamitan ng wika.

***Tadbaliks* sa Anyong Morpema**

Makikita sa talahanayan bilang 3 na mayroong mga morpemang *tadbaliks* na binubuo ng dalawang pantig na kapag ito ay binaligtad, ang huling pantig ay naililipat sa unang bahagi (unang pantig) ng salita. Ito ay karaniwang pamamaraan ng pagsasagawa ng *tadbaliks*. Ang morpemang /ngetpa/ o /ngitpa/ ay makikitang malayang nagpapalitan na katulad din sa mga katangian ng wikang Filipino. Ang ganitong pagpapalitan ay inilahad nina Santiago at Tiangco

(2003) sa kanilang aklat sa Balarilang Filipino na may ponemang malayang nagpapalitan, ito ay mga ponemang matatagpuan sa magkatulad na kaligiran. Ang mga halimbawa ng malayang nagpapalitan na dalawang ponema ay karaniwang nangyayari sa mga ponemang patinig na /i/ at /e/; /o/ at /u/.

Talahanayan Bilang 3.

Tadbaliks sa Anyong Morpema: Salitang Binubuo ng Dalawang Pantig na Binaligtad

| <i>Tadbaliks</i> | <i>Pinagmulang-Salita Orihinal na Salita</i> |
|------------------|--|
| Anda | daan/ (hundred) |
| Astig | Tigas |
| Batsi | Sibat |
| Bokal | Kalbo |
| Enka | kaen/kain |
| Gatsu | Sugat |
| Godha | Hagod |
| Goli | Ligo |
| Hukbo | Buhok |
| Lagbu | Bulag |
| ngetpa/ ngitpa | panget/pangit |
| Nongta | Tanong |
| Nosi | Sino |
| Notpa | Panot |
| Noypi | Pinoy |
| Pitgu | Gupit |
| Rapsa | Sarap |
| Rema | Mare |
| Repa | Pare |

Rogdu

Durog

Mapapansin naman sa *tadbaliks* na /anda/ at /rogdu/ na ang mga ito ay maituturing na “hugot lines” ng mga kabataan. Ang rogdu ay ukol sa pag-ibig at pagkasawi na kumakatawan sa pagkadurog ng puso, samantalang ang anda ay isa sa mga pangangailangan nila na kumakatawan sa *allowance*.

Talahanayan Bilang 4.

Tadbaliks sa Anyong Morpema: Salitang Binubuo ng Dalawang Pantig na may Pagbabagong Morponemiko

| <i>Tadbaliks</i> | <i>Pinagmulang-Salita Orihinal na Salita</i> |
|------------------|--|
| Deins | inde/hindi |
| Ermata | mater/mother |
| Erpat | pater/father |
| Lonta | Pantalón |
| Yosi | Siyo |
| singlot | Lasing |

Makikita sa talahanayan bilang 4 na mayroong mga morpemang *tadbaliks* na karaniwan ang pagbabaligtad ng mga pantig, ngunit may ibang anyo tulad ng sumusunod:

- ***Pagdaragrag, pagpapalit at pagkakaltas ng ponema***

Halimbawa: /singlot/ = /lasing/

/hindi = /deins/

Sa unang halimbawa makikita na napalitan ng ponemang /o/ ang ponemang /a/ at nadagdagan ng ponemang /t/, samantala sa ikalawang halimbawa ay tatlo ang naganap

na pagbabagong morpoponemiko. Sa pag-aaral nina Macascas at Gime (2020), tinukoy nila na ang pagbabagong morpoponemiko ng mga *slang na salita* ay kadalasang nagpapalitan ang mga titik sa loob ng salita na bahagi ng metatesis.

- ***May mga salitang bahagi lamang ng salita bago binaliktad***

Halimbawa: Pantalón = /talon/ = /lonta/

Sigarilyo = /siyo/ = /yosi/

Makikita na nakaltasan ng panlaping /pan- (g)/ ang *tadbaliks* na lonta at ang morpemang panlapi /pang- / ay tuluyan nang hindi naging bahagi ng salita sa halip ay naiwan ang salitang- ugat nito na talon.

Masasalamín naman sa salitang /siyo/, ang pinaikling salita ng sigarilyo na nawala ang gitnang bahagi ng salita at nanatili ang una at huling pantig ng salita. Mula rito ay nakabuo na ng *tadbaliks na /yosi/*. Ang salitang yosi ay hindi pa rin dapat pinag-uusapan sa edad na ito ngunit kung susuriin ang konteksto ng kanilang usapan ay may kamalayan ang mga mag-aaral sa mga batas na ipinatutupad ng pamahalaan, ito ang panahon na ang usapin ng pagsisigarilyo ay ipinagbabawal sa pampublikong lugar na naging paksa ng kanilang paskil sa Facebook. Nangangahulugang sa paggamit nila ng *tadbaliks* ay hindi lamang bilang bahagi ng lokohan, asaran at tuksuhan kundi pagpapakita ng kamalayan sa isang panlipunang debate o isyu ng bansa.

- ***Panghihiram ng mga salita sa ibang wika tulad ng wikang Latin at pagbabaligtad nito***

Halimbawa : /mater/ -mother = ermat

/pater/ - father = erpat

Mapapansin sa mga halimbawang ito, na may malaking impluwensya ang panghihiram sa wikang dayuhan ng mga salitang *tadbaliks*. Ito ang nagiging hanguan ng salitang *tadbaliks* na madalas ring hanguan ng mga salitang balbal at kolokyal sa Filipino.

Ang mga morpemang ito ay hango sa salitang Latin na ginawang balbal at kolokyal na kung saan ang ponemang /o/ at /a/ ay pareho lamang ang bigkas. Kung papansinin ang wikang Latin ay may tunog na /a/ para sa ponemang /o/ na hindi makikita sa wikang Filipino na kung anong bigkas siyang baybay. Pinatunayan ni Zorc (1990) na ang panghihiram ay pangkaraniwan sa isang wika lalo na sa wikang Filipino. Isa rin ang Ingles sa hinihiraman ng wikang Filipino. Ang paraan ng panghihiram ay hindi palagiang pag-aangkin ng kabuoang salita nito o ang orihinal na baybay ng isang salitang hiniram, madalas ay binabaybay ito sa wikang Filipino.

Talahanayan Bilang 5.

Tadbaliks sa Anyong Morpema: Salitang Binubuo ng Tatlong Pantig

| <i>Tadbaliks</i> | <i>Pinagmulang-Salita Orihinal na Salita</i> |
|------------------|--|
| Matsala | Salamat |
| Petmalu | Malupet |
| Dabarkads | Barkada |
| Damatans | Matanda |
| Letmaku | makulet/makulit |
| Bomalabs | Malabo |
| Langmagu | magulang |

Sa pagbabaliktad sa anyong morpema ng mga salitang may tatlong pantig, ang huling pantig ang inuuna kasunod ang unang pantig at huli ang gitna o ikalawang

pantig. Tingnan ang pormula ng pagsasagawa ng *tadbaliks*:

$$1p / 2p / 3p = 3p / 1p / 2p = / ma / / la / / bo / = / bo / / ma / / labs / * \\ = / ma / / gu / / lang / = / lang / / ma / / gu /$$

Leyenda:

Unang pantig = 1p ; Ikalawang pantig = 2p; Ikatlong pantig = 3p

May mga pagkakataong ang *tadbaliks* na salitang binubuo ng tatlong pantig ay dinaragdagan ng isang ponema na /s/ tulad ng bomalabs at dabarkads na tumutukoy sa maramihan. Ang pagpapalit ng posisyon ng mga pantig ay tinatawag na paglilipat at ang paglalagay ng ponemang /s/ ay tinatawag na paglalapi ni Conklin (1956) na di maiiwasan sa isang *tadbaliks* na salita.

Sa halimbawang langmagu, pinatutunayan lamang ng mga kabataang ito na ginagamit nila ang *tadbaliks* upang itago ang tunay na damdamin o masasabing ito ay bahagi ng “secret words” nila sa kanilang magulang dahil ginamit nila ang langmagu, upang maiiwasan ang pagiging “cheesy” sa pagpapahayag ng damdamin sa kanilang mga magulang.

Katulad ng pag-aaral na ginawa ni Stockwell (2019), pinatunayan ng talahanayan bilang 3, 4 at 5 na ang *tadbaliks* bilang laro ng wika ay naglilipat ng huling pantig sa unang bahagi ng salita. Gayundin, ang *tadbaliks* ay tapat sa orihinal na ugat nito ngunit nagkakaroon ng pagbabago kung may panlaping taglay ang salita. Pinatunayan ng pag-aaral ang *ID- root* ay ang pinakapuso ng *tadbaliks* dahil dito makikita ang “*the emergence of the faithful*” o pagiging matapat sa ugat ng salita. May mga kaso ng *tadbaliks* na hindi lamang naglilipat ng pantig kundi nagkakaroon ng pagdaragdag ng ponema na tinawag ni Stockwell na istilo. May mga *tadbaliks* din na may pagkaltas ng ponema at metatesis na bahagi rin ng paglalaro ng wika at sa linggwistika naman ay pagbabagong morpo-ponemiko.

Pagbuo ng Glosaryo ng *Tadbaliks*

Ang glosaryong binuo ng mga mananaliksik mula sa isinagawang pag-aaral ay naglalaman ng 70 salitang *tadbaliks* at kakikitaan ng etimolohiya (pinagmulan ng salita), kahulugan, at konteksto ng salita upang maging madali ang pag-unawa at magamit ang mga *tadbaliks* sa makabuluhang pakikipagkomunikasyon maging personal man o sa *social media* (tingnan ang Apendiks para sa mga halimbawa).

Sinunod ng mga mananaliksik ang dalawang pangunahing bahagi na inilahad ni Hartmann (2001): una, ang pagkakaroon ng panimulang bahagi na makikita ang mga inaasahan sa glosaryo (makikita sa Figura 2) at ikalawa, ang nilalaman ng glosaryo na kinapapalooban ng mga salita (korpus) at depinisyon (makikita sa Figura 3). Ipinakita rin sa glosaryo na may dalawang kategorya ang *tadbaliks* - ang ponema at morpema. Unang inilahad ang mga *tadbaliks* ayon sa anyong ponema pagkatapos ay sa anyong morpema. Ang mga *tadbaliks* ay nakasulat nang madiin (*bold face*) at nakaayos nang paalpabeto. Ibinigay ang kahulugan at ang orihinal na salitang pinagmulan ng mga *tadbaliks* upang makatulong sa mga mag-aaral at guro sa lubos na pag-unawa ng mga bokabolaryo. Hindi lamang ang kahulugan ng salita ang makatutulong sa kanila kundi maging ang etimolohiya (orihinal na salitang pinagmulan) nito. Inilakip din ang konteksto ng mga paskil sa Facebook ngunit hindi ang aktuwal na paskil nito bilang bahagi ng etika ng pananaliksik. Ang kontekstong nabanggit ang lubos na magbibigay linaw sa kung ano ang kahulugan ng *tadbaliks*. Ginamit din ang *tadbaliks* sa pangungusap upang mas maunawaan ang kahulugan at ang tamang gamit nito sa hinaharap. Ipinakita ng glosaryo na ang mga wikang penomenal tulad ng *tadbaliks* ay maaaring maging bahagi ng akademikong komunikasyon kung isaalang-alang ang konteksto at lunan ng paggamitan nito katulad ng isang *social media* na malaking bahagi na ng plataporma ng edukasyon.

Ang pagbuo ng isang glosaryo sa ganitong anyo ng salita ay maaring hindi pinapansin ng ilang mga eksperto dahil sa paniniwalang ang mga salitang ito ay bahagi lamang ng pabalbal at kolokyal na salita na nasa mababang antas. Sa kasalukuyang pag-aaral, ang mga salitang ito ay hindi lamang bahagi ng salitang kalye, ang mga ito ay maari ring maging bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon lalo na sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ayon kay Nodalo (2017), ang *tadbaliks* ay hindi masama dahil ang wika ay nagbabago sa bawat panahon.




Figura 2. Ang Paunang Salita ng Glosaryo.

Ang pag-aaral ay ginabayan ng mga konsepto ni Hartmann (2001) na proseso ukol sa leksikograpiya. Ang pangangalap ng mga salita (*material*), pamimili ng mga salitang lahok (*entries*), pagbuo ng depinisyon at

deskripsiyon ng mga salitang lahoc at pagsasaayos ng mga ito ay masasalamain sa glosaryong nabuo ng mga mananaliksik. Sinandigan din ng pag-aaral si Hartmann (2001) sa kanyang tinuran na ang lesikograpiya ay isang gawaing pedagogikal o may kaugnayan sa pagtuturo o edukasyon. Tinatanaw niya ang leksikograpiya at ang sangguniang leksikograpikal bilang mga mahahalagang kagamitan sa pagtuturo. Marapat lamang na ang mga diksyonaryo, glosaryo at iba pang sangguniang kauri nito ay bigyang pansin para sa interes at pangangailangan ng mga gagamit nito o maging sa susunod na henerasyon na mangangailangan nito.




Figura 3. Halimbawa ng mga Entri sa Glosaryo.

Maliban sa mga linggwistikong kakanyahan ng mga salitang kabilang sa *tadbaliks*, ang glosaryo ay binuo upang maipakita ang gamit ng mga salita sa pangungusap

batay sa konteksto ng *social media*. Makikita sa Apendiks ang mga piling halimbawa mula sa nabuong glosaryo. Ang mga *tadbaliks* na naitampok sa kasalukuyang pag-aaral ay hindi lamang limitado sa mga bagong *tadbaliks*, kasama rin ang mga umusbong noong dekada sitenta at otsenta (70s at 80s). Gayunpaman, minabuti ng mananaliksik na hindi isali sa glosaryo ang mga *tadbaliks* na may di kaaya-aya ang kahulugan (e.g. naglalahad ng karahasan at sekswal).

Konklusyon at Rekomendasyon

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makabuo ng isang glosaryo ng mga salitang Filipino na binaligtad o *tadbaliks* na ginagamit ng mga kabataan ngayon sa Facebook. Upang magawa ito, nilikom ang mga *tadbaliks* na salita sa Facebook. Nagsagawa ng kategorya batay sa anyo ng mga salita na ponema at morpema, at sinuri ang etimolohiya ng mga salita at paraan ng pagkabuo ng mga salitang *tadbaliks*. Mula sa nakalap na datos ng mga mananaliksik, lumabas na may dalawang anyong *tadbaliks* sa wikang Filipino na ginagamit ng mga kabataan sa social media (Facebook), ang *ponemang anyo at morpemang anyo* ng *tadbaliks*. Sa *ponemang anyo*, may dalawang naobserbahang pamamaraan sa pagbuo: ang pagdaragdag ng *ponemang /s/* at ang paggamit ng bantas na gitling (-) na kumakatawan sa glottal. Samantala, sa *morpemang anyo* ay naobserbahan ang sumusunod na kayarian: salitang binubuo ng dalawang pantig; salitang binubuo ng dalawang pantig na may pagbabagong morpoponemiko; at salitang binubuo ng tatlong pantig. Mula sa mga resultang ito ay nakabuo ng isang glosaryo ng *tadbaliks* mula sa Facebook.

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, ang sumusunod na mga konklusyon ang nabuo. Una, laganap ang paggamit ng *tadbaliks* sa social media, sa kadahilanang isa itong mekanismo para magkaroon ng pagkakaunawaan ang mga

tiyak na grupo. Pangalawa, sa pangangalap ng mga termino at depinisyon sa pagbuo ng glosaryo mahalaga ang kaalaman at ang pagiging lublob sa paggamit ng *social media* upang matiyak ng mga mananaliksik na ang mga terminolohiyang kanilang naitala ay talagang ginagamit sa nasabing larangan. Pangatlo, sa pagsasagawa ng kategorya, mahalagang bigyang pansin ang dalawang pag-aaral ng wika - ang ponolohiya at morpolohiya. Pang-apat, sa pagsasagawa ng paglalarawan at pagbibigay ng kahulugan sa mga *tadbaliks* na salita, mahalagang ibatay sa konteksto dahil may ibang baryasyon ng wika batay sa mga taong gumagamit, sitwasyon, panahon at lunan (*social media*). Malaki ang implikasyon ng pagbuo ng glosaryo dahil ginagamit ito bilang kagamitang panturo sa paglinang ng talasalitaan. Ang mga tasalitaang ito ay batayang kaalaman upang malinang pa ang makrong kasanayan ng mga mag-aaral. Bagamat ito ay *tadbaliks*, mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral at guro ang mga nauuso o mga umuusbong na wika sa kanilang panahon. Ang glosaryo rin ay mahalaga bilang sanggunian o imbakan ng mga salita na magagamit nila sa komunikasyon sa wikang Filipino na magsisilbing gabay upang ipakita ang tamang gamit nito.

Iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod: (1) Gamiting batayang materyal ang nabuong glosaryo sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino at ilan pang kaugnay na disiplina. Maari din magsagawa ng ebalwasyon ng glosaryo upang lalo itong mapagyaman; (2) Magsagawa ng mas komprehensibong pagtitipon ng mga *tadbaliks* na maaaring maging ambag sa nasimulang glosaryo. Maaring mangalap ng mga salita sa iba pang *social media platform*, at maari ding pag-aralan ang gamit ng salitang *tadbaliks* sa ibang grupo (e.g. mga propesyunal); (3) Sa pagsusuri ng iba pang mga *tadbaliks*, maaring sundin ang ginawa ng mga mananaliksik na pagsusuri sa anyo ng mga *tadbaliks* (ponema at morpema) ngunit nirerekomenda din ang paggamit ng ibang lente at ibang pamamaraan ng pagsipat sa anyo at gamit ng mga salitang *tadbaliks* para higit na

maunawaan ang porma at katuturan ng mga ito; at (4) Gumawa ng pag-aaral upang malaman at mailarawan ang mga salik at dahilan kung bakit ginagamit ng mga mag-aaral na Pilipino ang *tadbaliks* bilang pamamaraan ng komunikasyon sa *social media*.



Sanggunian

- Almario, A.S. (2018). *Sining ng paglika at panghihiram ng salita*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Cantillo, M.L. (2013). *Glosaryo ng mga katawagang teknikal sa isports* [Tanging Proyekto]. Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Conklin, H. C. (1956). *Tagalog speech disguise*. Linguistic Society of America.
- Destefano, J. (1971) Developmental sociolinguistics: Child language in a social setting. *Word*, 27, 485-494. <https://doi.org/10.1080/00437956.1971.11435641>
- Fernández, E.C. (2018). Taboos in speaking of sex and sexuality. *The Oxford Handbook of Taboo Words and Language*. <https://doi:10.1093/oxford-hb/9780198808190.013.3>
- Krämer, M., & Vogt, B. (2018). Alignment and locality in the typology of affixing language games. *The Linguistic Review*, 35 (1), 83-120. doi: 10.1515/tlr-2017-0018
- Garcia, M. (1934). Secret dialects in Tagalog. *Philippine Magazine*.
- Gime, A. & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education*, 9 (3) 41-49.

10.5861/ijrse.2020.5823.

Hartmann, R.R.K. (2001). *Teaching and researching lexicography*. UK: Pearson Educational Limited.

Hoang Dang, T. (2013). A preliminary study of gay spoken language in Ho Chi Minh City. *Language in India*, 13, 448-467.

Ladefoged, P., & Johnson, K. (2011). *A course in phonetics* (6th ed.). Canada: Wadsworth Publishing (CENGAGE Learning)

McCarthy.J.J. (2003). Optimality Theory: An overview. *Oxford International Encyclopedia of Linguistics*. http://works.bepress.com/john_j_mccarthy/83/

McCarthy, J. J. (2007). What is Optimality Theory? *Language and Linguistics Compass*. http://scholarworks.umass.edu/linguist_faculty_pubs/93

Nodalo, T. (2017). Experts explain ‘Lodi, ‘Petmalu, and ‘Werpa’ (CNN Philippines). <http://cnnphilippines.com/lifestyle/2017/10/26/lodi-petmalu-werpa-experts-explain.html>

Santiago, A., & Tiangco, N. (2003). *Makabagong balarilang Tagalog*. Quezon City: Rex Publishing House.

Stockwell, R. (2019). Emergence of the faithful by consonant copying in a Tagalog language game. *JSEALS Special Publication* (No. 4), 69-82.

Zorc, D. (1990). Tagalog slang. *Philippine Journal for Linguistics*, 21 (1), 77-82.

Apendiks

Glosaryo Batay sa Ponema at Morpemang Anyo Anyo ng mga Salitang Tadbaliks sa Facebook

Mga Piling Halimbawa

Anyong Ponema

alaws

| | |
|-------------------------------------|--|
| <i>Kahulugan:</i> | di-dumating, liban; dinagtataglay ng anuman |
| <i>Orihinal/Pinagmulang Salita:</i> | wala |
| <i>Facebook Post:</i> | Nood muna kay Cardo at alaws namang pasok bukas. |
| <i>Gamit sa Pangungusap:</i> | Matutulog ako hanggangtanghali, alaws namang pasok bukas. |

retsam

| | |
|-------------------------------------|--|
| <i>Kahulugan:</i> | eksperto; bihasa; napakagaling; mas may kapangyarihan |
| <i>Orihinal/Pinagmulang Salita:</i> | master |
| <i>Facebook Post:</i> | Kapag hawak na ng retmas ang remote, teleserye na naman maghapon. |
| <i>Gamit sa Pangungusap:</i> | Sina Gloc-9 at Abra ang mga retsam pagdating sa pagrarap. |

Anyong Morpema

dabarkads

| | |
|-------------------|--|
| <i>Kahulugan:</i> | grupo ng malalapit na kaibigan; kabagang grupo ng mga tao na nagkakaisa ang takbo ng pag- iisip at asal |
|-------------------|--|

- Orihinal/Pinagmulang Salita:* barkada
- Facebook Post:* Shoutout sa mga **dabarkads**
kong wagas makapagselfie sa
cellphone ko!
- Gamit sa Pangungusap:* Pupunta kami sa Star City
ngayong Linggo kasama ang
buong **dabarkads**
- petmalu**
- Kahulugan:* namumukod tangi; sobrang
galing; kakaiba
- Orihinal/Pinagmulang Salita:* malupet
- Facebook Post:* **Petmalu** talaga ni Mam!
Naintindihan ko rin tong x and
y hahaha!
- Gamit sa Pangungusap:* **Petmalu** ang sayaw ng
G-force, sobrang galing nila.